

CHANGING TIDES: PANG-EHEKUTIBONG BUOD

Pag-screen para sa mga panlipunang pantukoy ng kalusugan sa mga komunidad ng Asian American at Native Hawaiian/Pacific Islander (AA at NHPI)

Ang Change InSight ay ang unang data platform na pang-komunidad na nagdodokumento sa mga panlipunang panganib at pangangailangan ng mga komunidad ng Asian American, Native Hawaiian, at Pacific Islander sa bansa.¹ Sa pamamagitan ng data na ito, layunin ng Change InSight na maunawaan at bigyang-kapangyarihan ang mga komunidad ng AA at NHPI para mapagtagumpayan ang mga kakulangan sa kalusugan sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang kailangan nila mula sa mga tagagawa ng patakaran, tagapondo at iba pang organisasyong pangkomunidad.

Binabalangkas ng *Changing Tides*, ang pang-inagurasyong ulat ng Change InSight, ang mga profile ng panganib para sa limang komunidad ng AA at NHPI sa buong Chicagoland — Chinese, Asian Indian, Pakistani, Korean, at Pilipino — at isinisiwalat ang mga pare-pareho at natatanging pangangailangan. Ang data na ito ay magsisilbing batayan para magawa ng mga organisasyon na hubugin ang patakaran, makakuha ng posibleng pagpopondo, at maiangkop ang mga programang tumutugon sa mga pangangailangan ng kanilang komunidad nang mas direkta.

Isasama sa mga susunod na taunang ulat ang data ng pangangailangang panlipunan mula sa mga komunidad ng AA at NHPI sa buong U.S. Ang pagmamapa sa data na ito ay nagbibigay sa mga organisasyon ng mas malalim na pag-unawa sa mga kondisyong kinakaharap ng bawat komunidad at nagbibigay ng kakayahan sa mga indibidwal na umunlad kung nasaan sila.

Pahayag ng Problema

Kinakatawan ng mga indibidwal na AA at NHPI ang pinakamabilis na lumaking grupo ayon sa lahi o etniko sa United States, pero sa mahabang panahon, ikinategorya ang mga komunidad na ito bilang isang monolitikong grupo (ibig sabihin ay “mga Asian” o “mga Asian American”). Itinatago nito ang magkakaibang pangangailangan ng mga indibidwal na komunidad, na nagreresulta sa kawalan ng pagkapantay-pantay, nagpapatindi sa mga mapaganib na stereotype, at nagbubukod sa mga indibidwal sa pagkuha ng suportang kailangan nila para umunlad. Kapag nalaktawan ang ilang komunidad, apektado ang lahat.

Ngayon, patuloy na pinagsasama ng mga pederal na dataset ang mga grupong ito, na humahantong sa kritikal na kawalan ng pagiging nakikita ng mahigit sa 50 komunidad ng AA at NHPI sa U.S. Ang kabiguang paghiwalayin ang data na ito ay nagresulta sa malaking kawalan ng mga interbensiyong akma sa kultura: 20 sentimo lang sa bawat \$100 na ibinigay ng mga samahan ng kawanggawa sa U.S. ang napupunta sa mga komunidad ng AA at NHPI.² Nag-aalok ang paghihiwalay ng mas malinaw na larawan kung paano tutugunan ang mga pangangailangang partikular sa bawat komunidad, na nagtataguyod ng oportunidad at paglago para sa lahat.

Solusyon

Ngayon na ang oras para kumilos. Binabago ng Change InSight ang pagkolekta ng data, na tumututok sa mga panlipunang pantukoy ng kalusugan (social determinants of health o SDOH), mga kondisyon kung saan nakatira, nagtrabaho, naglalaro, at sumasamba ang mga tao na may malaking tungkulin sa kalalabasan ng kalusugan at kabutihan.

¹ Ang “mga komunidad” ay pangunahing tumutukoy sa “etnisidad” o “mga etnikong subgroup” sa publikasyong ito.


² Kan, Lyle Matthew. “Seeking to Soar: Foundation Funding for Asian American and Pacific Islander Communities.” Asian Americans/Pacific Islanders in Philanthropy. 2021.

Gamit ang PRAPARE®, isang SDOH na tool sa pag-screen na pambansang tinatanggap at isinusulong ng stakeholder na ginagamit ng higit sa kalahating sentro ng kalusugan sa U.S., ang ³ Change InSight ay nakipagtulungan sa anim na organisasyong nakabase sa komunidad sa lugar ng Chicagoland upang buuin ang pang-inagurasyong ulat na ito. Sa pagitan ng Abril 1 at Hunyo 24, 2022, ang mga katuwang ng Change InSight ay nangolekta ng SDOH data mula sa 2,244 na AA at NHPI na indibidwal mula sa lugar ng Chicago na kumakatawan sa 16 na natatanging komunidad na pinaglilingkuran sa bawat organisasyon. Ang unang limang komunidad sa ulat na ito, na bumubuo sa 91% ng buong sampol, ay kinabibilangan ng Chinese, Asian Indian, Korean, Pilipino, at Pakistani. Habang may magkakaparehong panganib sa bawat grupo, magkakaibang nararanasan ng bawat grupo ang mga panganib na ito, tulad ng sinasalaman sa kanilang mga indibidwal na profile ng panganib.

Ginagamit ng Change InSight ang empatikong pagtatanong na paraan ng pagkolekta ng data para magkaroon ng mas matitibay na ugnayan sa pagitan ng mga kawani at kliyente, na epektibong pinag-uugnay ang mga organisasyon at komunidad sa isang platform para mas malawak na maibahagi ang kanilang mga pangangailangan at alalahanin.


Mga Resulta

Ang Pangunahing Limang Salik ng Panganib para sa mga Respondent na Asian Indian




Nag-aalok ang mga profile ng panganib sa mga katuwang ng Change InSight ng paraan para madaling matukoy ang mga pangunahing panganib na nakakaapekto sa mga komunidad na pinaglilingkuran nila. Pare-parehong nakita ang apat na salik ng panganib sa unang limang etnikong grupo: limitadong pagkabihasa sa English, mababang integrasyon sa lipunan, mataas na stress, at pagkakaroon ng kita na mas mababa sa mga pederal na alituntunin ukol sa kahirapan.

Ang Pangunahing Limang Salik ng Panganib para sa mga Respondent na Chinese




Ang ibang pangangailangan ay partikular lang sa mga profile ng panganib ng ilang partikular na komunidad. Halimbawa, 66% ng mga Pilipino na respondent ang nag-ulat ng mga hindi natugunang pangangailangan sa medikal na pangangalaga sa nakaraang taon, habang 27% ng mga Chinese na respondent ang nagsaad na wala silang maayos na pabahay. Ipinahayag ng mga Asian Indian na respondent na kawalan ng trabaho ang pangunahing pangangailangan, habang natukoy ang mga Korean at Pakistani na kalahok na may mas mababang antas ng nakamit na edukasyon.

Ang Pangunahing Limang Salik ng Panganib para sa mga Respondent na Korean




Makatutulong ang mga profile ng panganib sa mga organisasyon na maunawaan kung paano susulitin ang mga limitadong mapagkukunan para tugunan ang mga partikular na pangangailangan. Ang mga respondent na limitado ang pagkabihasa sa English ay madalas na nahihirapang “makibagay,” na puwede ring makaapekto sa kanilang kakayahang makakuha ng mataas na kalidad na pangangalagang pangkalusugan o mga oportunidad sa edukasyon. Ang mababang integrasyon sa lipunan ay

Ang Pangunahing Limang Salik ng Panganib para sa mga Respondent na Chinese



Ang Pangunahing Limang Salik ng Panganib para sa mga Respondent na Pakistani



³ HRSA Uniform Data System (UDS). (2021). National Health Center Program Uniform Data System (UDS) Awardee Data. Health Resources & Services Administration. Kinuha sa <https://data.hrsa.gov/tools/data-reporting/program-data/national/table?tableName=EHR&year=2021>

puwedeng humantong sa stress, depresyon, at pagkabalisa. Ang pamumuhay sa kahirapan ay puwedeng mag-ambag sa tumitinding panganib sa maraming yugto ng buhay, mula sa paglilimita sa mga oportunidad sa edukasyon at pangangalagang pangkalusugan hanggang sa pagbawas sa access sa pagkain at pagpapaikli sa haba ng buhay⁴.

⁴ Healthy People 2030. (2022). Poverty. Office of Disease Prevention and Health Promotion. Kinuha sa <https://health.gov/healthypeople/priority-areas/social-determinants-health/literature-summaries/poverty>

Mga Rekomendasyon

Ipinapakita ng data sa ulat na ito ang mga realidad ng mga komunidad ng AA at NHPI, kung saan pare-pareho ang ilan, at natatangi naman ang iba. Ang mga rekomendasyong ito ay pansamantalang balangkas para sa mga stakeholder ng komunidad pero ang mga ito ay hindi pamalit sa estratehikong pagtutulungan, pakikilahok ng komunidad, at pamumuno sa isang partikular na larangan batay sa karanasan.

Ang magkakaparehong panganib ay nag-aalok ng oportunidad para sa magkakaparehong solusyon

Ang mga pangunahing panganib, tulad ng limitadong access sa wika, na karaniwan sa buong komunidad ng AA at NHPI, ay puwedeng matugunan sa ilang paraan. Ang pagbibigay ng prioridad sa access sa wika ng mga organisasyon ng komunidad, tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, may-ari ng negosyo, at sibiko at panlipunang pinuno ay wawasak sa mga pangunahing hadlang sa wika sa mga komunidad ng AA at NHPI. Mababawasan ang mga pagkakaiba sa maraming sektor kapag dinagdagan ang access sa mga nakasaling materyales, kawani sa serbisyo na bihasa sa wika, at mga programa sa pagsasanay para sa bilingual na kawani.

Kritikal sa mas maayos na kalusugan ang pang-ekonomikong mobilidad

Bigyang-daan ang mga programang federal at nakabase sa komunidad na nagbibigay ng kapangyarihan sa maliliit na negosyo, nagdudulot ng kaunlaran sa lakas-paggawa, nagbibigay ng higit na access sa mga panlipunang serbisyo, at nagpapalawak sa mga oportunidad sa pamumuhunan sa lokal na negosyo at paaralan. Halimbawa, maaaring i-explore ng mga pinuno ng gobyerno at nonprofit ang mga sustainable na alternatibo sa pagpopondo na nag-aalok sa mga negosyong pag-aari ng AA at NHPI ng maraming paraan sa paglago.

Maraming panganib sa kalusugan ang matatanggal kapag binawasan ang stress

Ang paglalagay ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na bihasa sa kultura at wika ay kritikal sa pagbibigay ng magkakaugnay at naka-personalize na pamamaraan sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na nakakabawas sa stigma habang nag-aalok ng mga naka-personalize na klinikal na serbisyo at suporta. May oportunidad ang mga pampubliko at pribadong tagapondo na suportahan ang mga inisyatibong ito sa pamamagitan ng pagpapataas sa kamalayan at paggamit sa kanilang mga platform para himukin ang inobasyong panlipunan.

Pinapababa ng pagbibigay ng mas maraming oportunidad para sa panlipunang integrasyon ang panganib ng paglayo sa lipunan


Dapat bumuo ang mga tagapagbigay ng panlipunang serbisyo, sentro ng komunidad, at lokal na pinuno ng inklusibong pamamaraan sa sosyalisasyon na gumagamit ng teknolohiya, edukasyon, mga aktibidad para sa katawan, at kaisipan upang pagtibayain ang pagkakaisa ng lipunan sa pamamagitan ng mga grupong pansuporta sa komunidad. Pinapataas ng mga lugar sa komunidad, sentrong para sa nakakatanda, at mga grupong pansuporta ang sosyalisasyon sa mga miyembro.

Kahit may data na inilabas ang Change InSight, may mga kuwento pa ring hindi nasasabi at mga hamon natatago dahil sa kakulangan ng data. Para walang makaligtaan, dapat maingat na tukuyin ng mga mananaliksik ang mga paraang akma sa kultura, etnikong detalyado, at inklusibo para maidokumento ang mga pangangailangan at karanasan ng mga komunidad na walang masyadong kumakatawan.

Mga Pagkilala

Gustong pasalamatang ng mga collaborator ng Change InSight—Apna Ghar, South Asian American Policy & Research Institute (SAAPRI), Indo-American Center (IAC), Alliance of Filipinos for Immigrant Rights and Empowerment (AFIRE), Hanul Family Alliance, at Chinese American Service League (CASL)—ang masisipag na kawani na tumulong para maging posible ang inisyatibang ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga survey ng SDOH. Ang publikasyong ito ay itinaguyod ng [Julian Grace Foundation](#) at ng malalaking suporta ng mga indibidwal na donor. Ang feedback, data, at mga aral na nakuha mula sa inisyatibong ito ay gagamitin para pahusayin ang kapakanan ng mga komunidad ng AA at NHPI sa mga darating na taon sa pamamagitan ng pagpapasya at paggawa ng patakarang nakabatay sa data.

Taos-pusong pasasalamat sa mga indibidwal na nagbigay ng oras sa pagsuri ng mga balangkas ng ulat na ito at sa Hawthorne Strategy Group para sa



kanilang input. Malaki ang pasasalamat namin sa mga taong piniling magbahagi ng kanilang mga karanasan, pag-asa, at lakas sa amin. Salamat.

